# KASANAYAN sa Pagsulat at Motibasyon sa Pagbasa sa Pagkatutong Pangwika ng mga Mag-aaral sa Alternative Learning SYSTEM

***Kimberly L. Origenes-Angco[1], Mildred P. Galvez, PhD[2]***

[1]Teacher, Tubod National High School , Carmen, Davao del Norte, Philippines
origeneskimberlyaput@gmail.com

[2]Professor, Graduate School Department, University of the Immaculate Conception, Davao City, Philippines
mgalvez@uic.edu.ph

**ABSTRAK**

Ang pag-aaral na ito ay sinuri sa makabuluhang ugnayan ng kasanayan sa pagsulat at motibasyon sa pagbasa sa pagkatutong pangwika ng mga mag-aaral ng Alternative Learning System. Isang kwantitatibong pamamaraan na gamit ang deskriptibong-korelasyonal. Pinili ang dalawang daan at limampung kalahok mula sa Alternative Learning System ng mga pampublikong paaralan sa Sangay ng Davao del Norte gamit ang raosoft application, stratified random sampling, at tatlong inangkop na beripikadong talatanungang-sarbey na isinalin sa Filipino. Lumabas sa resulta na may napakataas na antas ang tatlong baryabol ayon sa mga resulta ng mean at standard deviation. Dagdag pa sa mga natuklasan, ipinakita ng resulta ng Pearson r na mayroong napakahinang positibong ugnayan sa pagitan ng kasanayan sa pagsulat at pagkatutong pangwika, samantalang ang motibasyon sa pagbasa ay may katamtamang antas ng makabuluhang ugnayan sa di-malayang baryabol. Kasunod nito, ipinahihiwatig ng resulta ng multiple regression na ang kasanayan sa pagsulat ay hindi naging makabuluhang salik na tagapamagitan sa pagkatutong pangwika ng mga mag-aaral, habang ang motibasyon sa pagbasa ay lumilitaw na may mahalagang gampanin sa pagpapabuti ng kanilang kakayahang pangwika.

*Susing salita: Kasanayan sa pagsulat, motibasyon sa pagbasa, pagkatutong pangwika, Alternative Learning System (ALS), at deskriptibong-korelasyonal, Pilipinas*

*Daglat:*

*SDT - Self-Determination Theory*
*AGT- Achievement Goal Theory*

---

## INTRODUKSYON

Ang pagkatutong pangwika ay kinikilala bilang isang komplikado at sistematikong proseso na mahalaga sa epektibong paglinang ng kakayahang komunikatibo ng isang indibidwal sa iba't ibang dimensyon ng wika gaya ng pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat (Villaruz at Palma, 2024). Maraming mag-aaral ang nahihirapan sa wastong pagbigkas at paggamit ng purong Filipino dahil sa mas madalas nilang paggamit ng Ingles bilang midyum ng komunikasyon, na nagdudulot ng kawalan ng kumpiyansa at pag-aatubili sa pagpapahayag sa Filipino (Kilag et, al., 2023). Dagdag pa rito, ang impluwensya ng Ingles at mga katutubong wika ay nagiging hadlang sa epektibong paggamit ng Filipino, dahil mas komportable ang mga mag-aaral sa paggamit ng Ingles, lalo na sa mga akademikong konteksto (Magno et al., 2024).

Ang mga suliraning ito, kasama ang mababang antas ng kasanayan sa pagbigkas, limitadong exposure sa Filipino, at kakulangan sa suporta sa pagtuturo ay maaaring humantong sa mababang antas ng pagkatutong pangwika ng mga mag-aaral.

Sa Finland, maraming mag-aaral ang nahihirapan sa pag-aaral ng Finnish dahil ang wikang ito ay may kakaibang estruktura at bokabularyo na naiiba sa karamihan ng mga wikang European na nagdudulot ng hadlang sa epektibong pagkatuto ng wika, (Danica ,2025). Kaugnay nito, sa Singapore, sa pag-aaral nina Lee at Phua (2022), ilan sa mga isyung nakasentro sa wikang ginagamit ay nakapokus sa pagbaba ng kahusayan sa pagkatutong pangwika dahil sa kakulangan ng mga guro at limitadong exposure sa tahanan. Sa bansang Japan, ayon sa pag-aaral nina Hamada at Iwasaki (2024), ang mga kultural na pagkakaiba at kakulangan ng pagkakataon para sa praktikal na paggamit ng wika sa Japan ay mapanghamong sitwasyon sa komunikasyon at kumpiyansa dahil sa labis na pagbibigay-diin sa memorisasyon na nakaaapekto sa pag-aaral ng wika.

Sa Pilipinas naman, nahaharap sa kakulangan ng mga guro at kagamitan, na nagpapahirap sa epektibong pagtuturo ng wika. Lumitaw na nahihirapan ang mga mag-aaral sa lungsod ng Maynila dahil sa takot magkamali, limitadong bokabularyo, at kakulangan sa kumpiyansa na nakaapekto sa kanilang pagganap sa akademiko sa pagkatutong pangwika sa pagsusuri nina (Villa et al.,2020). Kaugnay dito, sa Zamboanga Peninsula ayon sa pag-aaral nina Bautista at Gatcho (2022), nahaharap din sa mga hamon sa pagkatuto ng wika sa rehiyon na kung saan naging malaking suliranin din sa mga mag-aaral ang mga isyu tulad ng code-switching at hindi maayos na pamamaraan ng pagtuturo, at kakulangan ng materyales. Dagdag pa ni Rebusa et al. (2022) sa Cordillera Administrative Region (CAR), ang mga hamon ng mga indigenous learners sa literacy at language development, dulot ng hindi tugmang kurikulum sa kanilang kultura at wika. Ipinahahayag sa mga pananaliksik na ito, maraming kinahaharap na suliranin ang pagkatutong pangwika sa Pilipinas.

Sa rehiyon ng Davao, partikular sa nasasakupan ng Sangay ng Davao del Norte, binigyang-diin ni Permangil (2024), sa isang pag-aaral sa Kapalong na malaking hamon sa pagkatutong pangwika ang kakulangan sa exposure at suporta. Dagdag naman ng pananaliksik nina Dagohoy et al. (2024), na isinagawa sa Lungsod ng Tagum, natukoy na ang pagkabahala ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Ingles ay nag-uugat sa takot na mahatulan nang negatibo, na nagiging sanhi ng anxiety at maaaring humadlang sa kanilang mabisang pagkatuto at paggamit ng wika. Natuklasan naman nina Jill et al. (2024), sa bayan ng Talaingod, dahil sa pagkakaiba-iba ng mga katutubong wika at kakulangan sa mga materyales na angkop sa lokal na konteksto, naging malaking suliranin sa mga mag-aaral ang epektibong pagkatuto ng wika.

Ang kasanayan sa pagsulat ay natuklasan na ang paggamit ng sariling wika ay nakatutulong sa mas epektibong pagpapahayag ng ideya at pag-unawa, Tangan et al. (2023). Dagdag pa nito, natuklasan nina Ancheta at Napil (2022) na ang motibasyon sa pagbasa at tiwala sa kakayahang matuto ng wika (self-efficacy) ay may malakas na ugnayan. Ang pagpapabuti sa kasanayan sa pagsulat at motibasyon sa pagbasa ay makatutulong sa pag-unlad ng mga kasanayang akademiko at lingguwistiko na nagtitiwala sa kanilang kakayahan sa pagkatutong pangwika.

Nagsagawa na ng mga naunang pag-aaral sina Meng et al. (2024) patungkol sa mga mag-aaral sa ikasampung baitang sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat na gumagamit ng Ingles, at tinalakay rin sa pag-aaral ni Lao et al. (2024), na ang motibasyon sa pagbasa ng mga mag-aaral sa kolehiyo sa Digos City ay naktuon din sa Ingles, habang si Han (2021), nakatutok lang sa partikular na estratehiya at estilo sa pagkatuto ng wika sa Ingles ng mga mag-aaral sa

elementarya. Kaugnay ng nabanggit, nagkulang ang mananaliksik na makakalap ng lokal na pag-aaral na sumasaklaw sa tatlong baryabol. Natukoy sa pananaliksik na ito ang ilang kakulangan: una, dahilang walang makuhang pag-aaral na nakasentro sa wikang Filipino; ikalawa, may agwat sa populasyong tinukoy, dahil walang pananaliksik na nakatuon sa mga mag-aaral ng Alternative Learning System at ikatlo, kakulangan sa metodolohiya sapagkat walang lokal na pananaliksik na sumuri sa tatlong baryabol. Bunsod nito, minabuti ng mananaliksik na isagawa ang isang pag-aaral na nakatuon sa lokal na konteksto ng kasanayan sa pasulat at motibasyon sa pagbasa sa pagkatutong pangwika na nakaangkla sa mga mag-aaral ng Alternative Learning System sa Distrito ng Carmen, Dibisyon ng Davao del Norte, Rehiyon XI. Ang pananaliksik na ito ay nakaugnay sa mga layunin ng United Nations Sustainable Development Goals (SDGs), partikular sa SDG 4: Quality Education at SDG 10: Reduced Inequalities. Sa pagtutok sa mga mag-aaral ng Alternative Learning System, ipinakikita ng pag-aaral ang kahalagahan ng paglinang ng kasanayan sa pagbasa at pagsulat bilang pundasyon ng epektibong komunikasyon at pagkatuto sa labas ng pormal na paaralan. Sa gayon, nagiging ambag ito sa mga patakaran at programang naglalayong itaas ang kalidad ng edukasyon at isulong ang pantay na oportunidad sa lahat ng mamamayan.

Ang pag-aaral na ito ay makatutulong sa pagsusuri ng magkakaugnay na relasyon ng mga baryabol na nakaaapekto sa kognitibong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang mga natuklasan at resulta ng pag-aaral na ito ay makatutulong sa mga guro sa pagbuo ng mga interbensyon at programa upang mapabuti ang pagkatutong pangwika ng mga ALS na mag-aaral. Bukod dito, ang mga resulta ay isusumite o ipakikita sa iba't ibang seminar, forum ng pananaliksik, at presentasyon upang magbigay ng kaalaman at kamalayan tungkol sa mga salik na makatutulong sa paglikha ng mga programang magpapataas ng kognitibong pagganap. Isusumite rin ng mananaliksik ang isang kopya ng pag-aaral na ito sa Schools Division Planning and Research Office ng Davao del Norte at sa mga paaralang lalahok sa pag-aaral na ito.

## TEORETIKAL NA BALANGKAS

Ang teoretikal na balangkas ay nagsisilbing pundasyon ng pananaliksik dahil dito nakabatay ang lohikal na pagkakaugnay ng mga konseptong pinag-aaralan, at sa pamamagitan ng mga teoryang ginamit, mas nauunawaan ang ugnayan ng mga baryabol at nagagabayan ang interpretasyon ng datos. Sa pag-aaral na ito, ginamit ang Self-Determination Theory (SDT) nina Deci at Ryan (1985), na tinalakay rin ni Ryan (2020), upang ipaliwanag kung paanong ang autonomy, competence, at relatedness ay nagdudulot ng mataas na motibasyon at pagganap, na nagpapalakas sa kasanayan sa pagsulat at sa pagkatutong pangwika ng mga mag-aaral sa ALS. Samantala, ang Achievement Goal Theory (AGT) ni Nicholls (1984), na binanggit ni Ertem (2024), ay tumatalakay sa epekto ng mga layunin sa pagkatuto, partikular kung paanong ang mastery goals ay humuhubog ng masigasig na motibasyon sa pagbasa na mahalaga sa pag-unlad ng kasanayang pangwika. Sa kabuuan, ang paggamit ng SDT at AGT sa pananaliksik ay nagpapalalim sa pag-unawa sa papel ng kasanayan sa pagsulat at motibasyon sa pagbasa bilang mga salik sa pagkatutong pangwika ng mga mag-aaral sa ALS.

## METODO

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng kwantitatibong disenyo, partikular ang deskriptib-korelasyonal na pamamaraan, upang suriin ang ugnayan ng kasanayan sa pagsulat at motibasyon sa pagbasa sa pagkatutong pangwika ng mga mag-aaral sa Alternative Learning System (ALS). Ang kwantitatibong pananaliksik ay isang sistematikong proseso ng pangangalap

at pagsusuri ng numerikal na datos upang maipaliwanag ang ugnayan ng mga baryabol, habang binibigyang-diin naman nina Lim (2024) ang kahalagahan ng malinaw na sukat, pagbubuo ng haypotesis, at aplikasyon ng mga natuklasan sa mas malaking populasyon. Sa disenyo ng pananaliksik na ito, ang deskriptibong bahagi ay tumutukoy sa pagsusuri sa antas ng kasanayan at motibasyon ng mga mag-aaral, habang ang korelasyonal na bahagi ay sumusukat kung may makabuluhang ugnayan ang mga ito sa kanilang pagkatutong pangwika (Sahin at Mete, 2020). Ipinaliwanag nina Manny et al. (2025) na ang ganitong disenyo ay nagbibigay ng malinaw na larawan ng kasalukuyang kalagayan at ng relasyon ng mga baryabol, habang binigyang-diin ni Seeram (2019) na hindi nito minamanipula ang mga salik kundi sinusukat lamang ang epekto ng isa sa iba. Sa kabuuan, mahalaga ang disenyo ng pananaliksik na ito sa pag-unawa sa mga salik na nakaaapekto sa pagkatutong pangwika ng mga ALS learners, at makatutulong ito sa paglinang ng mas angkop na interbensyon, pagpapabuti ng mga programa, at pagbuo ng mga polisiya para sa mas epektibong alternatibong edukasyon.

Ang Davao del Norte ay binubuo ng labing-isang distrito na may malawak na bilang at uri ng mga paaralan. Tampok dito ang mga programang pang-edukasyon gaya ng grade-11 Alternative Learning System (ALS), na siyang pangunahing paksa ng pananaliksik na ito. Lumahok sa pag-aaral ng mga mag-aaral ng ALS, kung saan 70 ay lalaki at 180 ay babae, na may saklaw ng edad mula 16 hanggang 55 taong gulang. Ang pagpili ng mga paaralang ito ay nagbibigay-daan sa pagkolekta ng mas malawak na hanay ng karanasan, pananaw, at kasanayan ng mga mag-aaral mula sa iba't ibang konteksto, na nagpapataas sa bisa, saklaw, at kredibilidad ng mga resulta ng pananaliksik.

Ang mga respondente ng pananaliksik ay 250 mag-aaral ng Grade 11-ALS mula sa tatlong pampublikong sekondaryang paaralan sa Carmen District, Dibisyon ng Davao del Norte, taong panuruan 2024–2025. Mula sa 710 mag-aaral, tinukoy ang sample size gamit ang Raosoft calculator (5% margin of error, 95% confidence level) at stratified sampling, kasama ang Slovin's formula para sa lokasyon: Paaralan A (126), B (72), at C (59). Isinagawa ang random sampling upang maiwasan ang pagkiling. Bilang mga kabilang sa vulnerable group, siniguro sa mga kalahok ang boluntaryo at kumpidensyal na partisipasyon, pati na ang kanilang karapatang umatras anumang oras nang walang negatibong epekto.

Ginamit sa pananaliksik ang mean upang tukuyin ang average na score ng mga baryabol tulad ng organisasyonal na pagiging epektibo, kapaligiran ng paaralan, at transformational leadership (Bakker, 2023). Ang standard deviation ay ginamit upang sukatin ang pagkalat ng datos mula sa mean (Bhandari, 2022). Samantala, upang matukoy ang lakas at direksyon ng ugnayan ng mga salik, isinagawa ang Pearson R Moment Correlation, partikular sa kaugnayan ng organizational commitment sa transformational leadership at kapaligiran ng paaralan (Zeng, 2022). Habang, ginamit ang multiple linear regression upang suriin kung paano naiimpluwensyahan ng dalawang malayang baryabol sa di-malayang baryabol (Ottaviani at Marco, 2022).

## RESULTA AT DISKUSYON

### Antas ng Kasanayan sa Pagsulat

Inilahad sa Talahanayan 1 ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag- aaral sa Alternative Learning System. Batay sa makikita sa nasabing talahanayan, ang kabuuang mean na 4.36 ay inilarawang napakataas. Ang napakataas na antas ng kasanayan sa pagsulat ay nagpapahiwatig na lubos na bihasa ang mga mag-aaral sa paggamit ng balarila, bantas at mekaniks sa pagsulat. Ipinakikita rin nito na epektibo ang mga umiiral na pamamaraan ng pagtuturo at may positibong

salik sa kapaligiran ng pagkatuto na nakatutulong sa pagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa pagsulat. Bukod pa rito, ito ay may kabuuang standard deviation na 0.33, na nagpapakita ng pagkakapareho o homogeneity ng mga sagot ng mga respondente sa baryabol na ito. Dagdag pa rito, ipinakikita ng kasalukuyang pananaliksik na ang mataas na antas ng kasanayan ay maaaring maiugnay sa paggamit ng mga makabagong estratehiya sa pagtuturo at materyales sa pagkatuto sa ALS. Ipinakikita rin ng mga natuklasan na ang kolaboratibong pagkatuto at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral ay may mahalagang papel sa pagpapabuti ng kanilang kasanayan sa pagsulat. Sa kabuuan, ang pag-aaral na ito ay nag-aambag ng bagong pananaw sa kahalagahan ng inobasyon at adaptibong pedagohiya sa konteksto ng alternatibong edukasyon.

**Talahanayan 1**
*Antas ng Kasanayang Pagsulat*

| Indikeytor | Mean | SD | Deskriptibong Antas |
|---|---|---|---|
| Balarila | 4.37 | 0.34 | Napakataas |
| Bantas | 4.31 | 0.49 | Napakataas |
| Mekaniks | 4.40 | 0.42 | Napakataas |
| **Kabuuang Mean** | **4.36** | **0.33** | **Napakataas** |

Ang resulta ng pananaliksik na ito ay nagpapakita ng pagkakatulad sa kinalabasan ng pag-aaral nina Baysal at Ocak (2021), Nagpakita ang kasanayan sa pagsulat ng malaking positibong epekto sa mga mag-aaral, sapagkat nagdulot ito ng makabuluhang pag-unlad sa kanilang kakayahan sa pagsulat. Kaugnay nito, ipinamalas din sa mga pag-aaral nina Özçelik at Batur, (2023), ang kasanayan sa pagsulat ay may malaking positibong epekto sa pagsubaybay ng pag-unlad sa wika ng mga mag-aaral at nararapat itong isama sa iba pang kasanayan upang higit na mapalakas ang kanilang kabuuang kakayahang pangwika. Natuklasan ng pag-aaral na may positibong epekto ang kasanayan sa pagsulat, na nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral na may mas mataas na antas ng kasarinlan ay karaniwang may mas mahusay na kakayahan sa pagsulat (Gultom et al., 2022). Sa kasalukuyang pananaliksik, lumitaw na ang mga mag-aaral sa ALS ay nakapagpapamalas din ng mataas na antas ng kasanayan sa pagsulat sa kabila ng alternatibong anyo ng kanilang edukasyon. Ipinakikita nito na ang mga programang pangsuporta at inobatibong estratehiya sa pagtuturo sa ALS ay epektibong nakapagpapalakas ng kasanayang pangwika ng mga mag-aaral.

**Mekaniks.** Ang indikeytor na ito ay may mean na 4.30 na inilarawang napakataas, kung saan ang saklaw ng mean ay nasa pagitan ng 4.32 hanggang 4.16. Sa lahat ng mga aytem, ang "Nagagamit ko nang wasto at epektibo ang mga panuntunan sa pagsulat upang maging malinaw at madaling maunawaan ang aking mga ideya" ang nagtala ng pinakamataas na mean na 4.61, na nauuri bilang napakataas. Samantala, ang "Nagagamit ko nang tama ang pokus ng pandiwa kapag ako ay sumusulat" at "Gumagamit ako ng tamang underscore kapag ako ay nagsusulat" ang may pinakamababang mean na 4.32, na nauuri pa rin bilang napakataas. Ang mga resulta ay nagpapakita na ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ay nasa mataas na antas, partikular sa aspeto ng pagpapahayag ng malinaw na ideya. Ipinakikita ng kasalukuyang pag-aaral na kahit sa loob ng alternatibong sistema ng edukasyon, nagtataglay ang mga mag-aaral ng matatag na

pundasyon sa gramatika at organisasyon ng ideya. Gayunpaman, binibigyang-diin din nito ang pangangailangan ng mas nakatutok na pagsasanay sa teknikal na aspeto ng pagsulat upang higit pang mapahusay ang katumpakan at kalidad ng kanilang mga akda.

Ang napakataas na antas sa aspektong 'mekaniks' ay pinagtibay ng natuklasan sa pag-aaral ni Yuliawati (2021), ipinakita ng resulta na, sa kabila ng ilang pagkukulang sa mekaniks, nananatiling napakataas ang antas ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral dahil hindi gaanong naapektuhan ang pag-unawa sa kanilang mga isinulat. Ipinunto din ni Alshireedi at Khairuddin (2024), Ipinakita ng pag-aaral na may makabuluhang epekto sa pagpapabuti ng mekaniks sa pagsusulat ng mga mag-aaral partikular sa paggamit ng bantas at sa pangkalahatang kasanayan sa pagsulat. Malaki ang naging pagbuti sa tamang ispeling at paggamit ng kuwit ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon matapos ang pagtutok sa mekaniks ng pagsulat (Gultom et al.,2022). Ipinahihiwatig ng mga resulta na kailangang ipagpatuloy at palawakin ang mga pedagogical approach na nakatuon sa mekaniks upang mapanatili ang mataas na kalidad ng sulatin ng mga mag-aaral. Sa teoretikal na pananaw, pinatotohanan ng pag-aaral na ang matatag na pundasyon sa mekaniks ay mahalagang batayan ng epektibong komunikasyong pasulat at ng paghubog ng mas kritikal at mapanuring manunulat.

**Balarila.** Ang indikeytor na ito ay may mean na 4.31 na inilarawang napakataas, kung saan ang saklaw ng mean ay nasa pagitan ng 4.14 hanggang 4.55. Sa lahat ng mga aytem, ang "Nagagamit ko nang tama ang pantukoy kapag ako ay nagsusulat" ang nagtala ng pinakamataas na mean na 4.55, na nauuri bilang napakataas. Samantala, ang "Nagagamit ko nang tama ang iba't ibang uri ng pangungusap kapag ako ay nagsusulat" ang nakakuha ng pinakamababang mean na 4.14, na nauuri bilang mataas. Ang mga resulta ay nagpapakita na ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat sa Filipino ay karaniwang nasa mataas hanggang napakataas na antas, partikular sa tamang paggamit ng pantukoy. Sa praktikal na pananaw, ipinahihiwatig ng mga natuklasan na dapat isama ng mga guro ang mas sistematikong pagsasanay sa pagbuo ng iba't ibang uri ng pangungusap upang higit na mapalawak ang kakayahan ng mga mag-aaral sa gramatika. Sa teoretikal na aspeto, pinagtitibay ng resulta na ang matatag na kaalaman sa balarila ay pundasyon ng malinaw at epektibong pagsulat, na kritikal sa paglinang ng mas mataas na kasanayang komunikatibo.

Tumutugma ang resultang ito ang mga natuklasan ni Belmekki (2023), ipinakikita ng resulta na may napakataas na antas ng balarila kung saan ang kahusayan sa paggamit ng balarila ay nakapagtatala ng 14.7% na kontribusyon sa pagkakaiba-iba ng antas ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Napag-alaman sa pag-aaral din nila Thi at Nguyen (2023), ipinapakita nito na ang napakataas na antas ng kasanayan sa balarila ay mahalagang salik sa pagpapanatili ng kalinawan at pagkakaugnay-ugnay ng sulatin ng mga mag-aaral. Ayon sa mga resulta ng pagsusuri na ang napakataas na antas ng kasanayan sa balarila, na naipalalawak sa pamamagitan ng pagtuturo sa kontekstong pamamaraan (Musa,2021). Lumitaw na kahit sa konteksto ng Alternative Learning System, nananatiling matatag ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng balarila. Ipinakikita nito na epektibo ang mga inobatibong estratehiya sa pagtuturo ng balarila sa ALS, na nag-aambag sa pagpapalawak ng praktikal na aplikasyon ng gramatikal na kahusayan sa alternatibong edukasyon.

**Antas ng Motibasyon sa Pagbasa**

Inilahad sa Talahanayan 2 ang antas ng motibasyon sa pagbasa sa pagkatutong pangwika ng mga mag-aaral sa Alternative Learning System. Batay sa makikita sa nasabing talahanayan, ang kabuuang mean na 4.28 ay inilarawang napakataas na may standard deviation na 0.35. Ibig

sabihin, ang mga tugon ng mga respondente ay nagpapakita ng minimal na dispersyon, na nagpapahiwatig ng homogenous na pananaw hinggil sa baryabol na ito. Ang mataas na motibasyon sa pagbasa ng mga mag-aaral ay nagpapahiwatig na madalas naipamamalas ng mga mag-aaral sa ALS ang kahusayan, kuryosidad, kompetisyon, pagkilala, sosyal at pagsunod. Ang kahandaang ito na matuto ay tumutukoy rin sa pagkakaroon ng mataas na lebel ng interes, determinasyon, at positibong saloobin ng mga mag-aaral tungo sa pagbasa bilang mahalagang kasanayan sa kanilang pagkatuto.

**Talahanayan 2**
*Antas ng Motibasyon sa Pagbasa*

| Indikeytor | Mean | SD | Deskriptibong Antas |
|---|---|---|---|
| Kahusayan | 4.37 | 0.53 | Napakataas |
| Kuryosidad | 4.35 | 0.61 | Napakataas |
| Kompetisyon | 4.12 | 0.61 | Mataas |
| Pagkilala | 4.27 | 0.63 | Napakataas |
| Sosyal | 4.13 | 0.67 | Mataas |
| Pagsunod | 4.45 | 0.52 | Napakataas |
| **Kabuuang Mean** | **4.28** | **0.35** | **Napakataas** |

Ang natuklasang ito ay sumusuporta sa pag-aaral ni Sulaiman (2019), lumabas sa pananaliksik na nagpapamalas ng napakataas na antas ng motibasyon sa pagbasa, na nagpapahiwatig ng masidhing interes at kusang-loob na hangaring mapalawak ang kanilang bokabularyo at pang-unawa sa pamamagitan ng pagbabasa. Isinasaad din sa resulta ng pananaliksik nina Fauzi et al. (2022), ang napakataas na antas ng motibasyon sa pagbasa ng mga mag-aaral ay nag-aambag sa mas aktibong partisipasyon at mas matagumpay na pagganap sa mga gawaing may kaugnayan sa pagbasa. Ipinakikita ng resulta na may napakataas na antas ang motibasyon sa pagbasa, kung saan ang kanilang malalim na pagkakasangkot sa mga gawaing may kinalaman sa pagbasa ay nagsisilbing pangunahing salik sa pagpapabuti ng kanilang kasanayan (Adinugraha et al.,2024). Natuklasang ang mga mag-aaral sa ALS ay nagpapamalas din ng kaparehong antas ng motibasyon sa pagbasa, na mahalagang batayan ng kanilang patuloy na pagkatuto sa kabila ng alternatibong sistema ng edukasyon. Ipinahihiwatig nito na ang mga programang nakabatay sa interes at aktibong pakikilahok ay epektibong nakapagpapalalim ng kasanayan at pag-unawa sa pagbasa.

**Pagsunod.** Ang indikeytor na ito ay may mean na 4.45 na inilarawang napakataas, kung saan ang saklaw ng mean ay nasa pagitan ng 4.33 hanggang 4.54. Sa mga item, ang "Palagi kong sinusubukan na tapusin ang aking pagbabasa sa tamang oras" ang nagtala ng pinakamataas na mean na 4.54, na ikinategorya bilang napakataas. Samantala, ang "Ginagawa ko ang pinakamaliit na gawain sa pagbabasa hangga't maaari" ang may pinakamababang mean na 4.33, na ikinategorya pa rin bilang napakataas. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral sa ALS ay may napakataas na antas ng pagsunod sa pagbasa, kung saan makikita ang kanilang disiplina sa oras,

pagiging masigasig sa pagtapos ng mga gawaing may kinalaman sa pagbasa, at ang positibong saloobin tungo sa aktibong pakikilahok sa mga gawaing pampagkatuto.

Ang natuklasang ito ay sumusuporta sa pag-aaral nina Holbrook at Cassell (2024), nagdulot ito ng napakataas na antas ng pagsunod ng mga mag-aaral sa gawaing pagbasa, kung saan kapansin-pansin ang makabuluhang pagtaas sa kanilang disiplina sa pagtatapos ng mga babasahin bago ang klase at ang pagkakaroon ng mas positibong pananaw sa kahalagahan ng pagiging handa sa talakayan sa pamamagitan ng maagang pagbabasa. Dagdag pa ni Keim at Littman (2022), Ipinakikita na ang napakataas na antas ng pagsunod sa gawaing pagbasa ng mga mag-aaral ay higit pang pinahusay sa pamamagitan ng makabagong pamamaraan na gumagamit ng malalaking modelo ng wika sa pagpili ng mga context clozes, Subalit, natuklasan sa pag-aaral na Academic Reading Expectancy and Value, ay katamtaman ang antas ng pagsunod. Samakatuwid sa kabila ng kahalagahan ng pagsunod sa pagbasa, ang mga salik tulad ng kakayahang makinig sa akademikong lektura ay may mas malaking impluwensya sa pag-unawa kaysa sa pagbasa bago ang klase (Graham,2024). lumitaw na ang mga mag-aaral sa ALS ay nagpapakita rin ng mataas na antas ng pagsunod sa gawaing pagbasa, na nagpapakita ng kanilang disiplina at motibasyon sa sariling pagkatuto. Ipinahihiwatig nito na ang mga estratehiyang nakasentro sa mag-aaral ay epektibong nakapagpapalakas ng kanilang responsibilidad at pagganap sa mga gawaing pang-akademiko.

**Kumpetisyon.** Ang indikeytor na ito ay may mean na 3.95 na inilarawang mataas, kung saan ang saklaw ng mean ay nasa pagitan ng 3.95 hanggang 4.40. Sa mga aytem, ang "Mahalaga sa akin na makita ang aking pangalan sa listahan ng mga mahuhusay na mambabasa" ang nagtala ng pinakamataas na mean na 4.40, na ikinategorya bilang napakataas. Samantala, ang "Gusto kong mauna akong matapos na magbasa bago matapos ang ibang mga mag-aaral" ang may pinakamababang mean na 3.95, na ikinategorya bilang mataas. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral sa ALS ay may mataas na antas ng kumpetisyon sa pagbasa, kung saan makikita ang kanilang pagnanais na makilala bilang mahusay na mambabasa at pagkakaroon ng layunin na manguna sa mga gawaing pagbasa.

Natuklasan ng pag-aaral nina Topçuoğlu et al. (2020), ipinakikita ng resulta na may mataas na antas ng kumpetisyon sa gawaing pagbasa na malaki ang naitulong sa pagpapabuti ng kakayahan sa pag-unawa sa binasa, kung saan ang mga mag-aaral na lumalahok sa aktibidad ng kumpetisyon ay nagpakita ng mas mataas na marka sa pagsusulit sa reading comprehension. Ayon sa pag-aaral nina Gulay at Pontillas (2024), ipinakikita ng datos na may mataas na antas ng kumpetisyon sa gawaing pagbasa na nagdulot ng makabuluhang pag-unlad sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasa, isang malinaw na nagpapahiwatig ng positibong epekto ng kumpetisyon sa kanilang reading comprehension performance. Ipinapakita nito na may mataas na antas ng kumpetisyon sa gawaing pagbasa na nagpapalakas sa interes ng mga mag-aaral at nagsusulong ng mas aktibong paglahok, na nagbubunsod ng mas malalim na pag-unawa at pag-usbong ng kaalaman sa larangan ng pagbasa (Yu et al. 2023). Natuklasang ang mga mag-aaral sa ALS ay kaparehong nakikinabang mula sa mga gawaing may elementong kompetitibo, na nakapagpapataas ng kanilang interes at konsentrasyon sa pagbabasa. Ipinahihiwatig nito na ang integrasyon ng gamified o kompetitibong estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa ay maaaring maging epektibong paraan upang mapalakas ang motibasyon at pag-unawa ng mga mag-aaral sa alternatibong edukasyon.

### Antas ng Pagkatutong Pangwika

Inilahad sa Talahanayan 3 ang antas ng pagkatutong pangwika ng mga mag-aaral sa ALS.

Batay sa makikita sa talahanayan, ang kabuuang mean na 4.44 ay inilarawang mataas na may standard deviation na 0.36. Ibig sabihin, ang mga sagot ng mga respondente sa baryabol na ito ay nagpapakita ng pagkakapareho o homogeneity. Ang napakataas na antas ng pagkatutong pangwika ng mga mag-aaral Filipino ay nagpapahiwatig na epektibo nilang naipamamalas ang kasanayan sa paggamit ng wika sa iba't ibang konteksto ng komunikasyon, kabilang ang pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat. Nagpapakita rin ito ng matatag na pundasyon sa wika na maaaring maiugnay sa kanilang aktibong partisipasyon sa mga gawaing pangwika sa ALS.

**Talahanayan 3**
*Antas ng Pagkatutong Pangwika*

| Indikeytor | Mean | SD | Deskriptibong Antas |
|---|---|---|---|
| Pakikinig | 4.35 | 0.42 | Napakataas |
| Pagsasalita | 4.36 | 0.45 | Napakataas |
| Pagbabasa | 4.45 | 0.45 | Napakataas |
| Pagsusulat | 4.44 | 0.43 | Napakataas |
| **Kabuuang Mean** | **4.40** | **0.36** | **Napakataas** |

Ang resulta ito ay sumusuporta sa pag-aaral nina Magadan at Limpot, (2023), natuklasan sa pag-aaral na may napakataas na antas ng pagkatutong pangwika ng mga mag-aaral sa wikang Filipino na nagpapakita ng kanilang positibong saloobin sa wika. Binibigyang-diin nina Tubao et al. (2023), na may napakataas na antas ng pagkatutong pangwika ng mga mag-aaral na nagpapatunay na ang sistematikong paglinang ng kasanayan sa wikang Filipino ay mahalaga, at tumutugon ito sa pangangailangan ng mas maingat at makabuluhang pagdisenyo ng mga kurikulum upang higit pang mapahusay ang paggamit at pag-unawa sa wikang Filipino bilang kasangkapan sa akademikong tagumpay at pambansang identidad. Ang napakataas na antas ng metakognitibo sa pagkatutong wika ay nagreresulta sa mas mainam na kinalalabasan ng kamalayan sa Filipino para sa mga mag-aaral (Villaruz at Palma 2024). Lumitaw sa kasalukuyang pananaliksik, na kahit sa konteksto ng Alternative Learning System, nananatiling aktibo at matatag ang pagkatutong pangwika ng mga mag-aaral, na nagpapakita ng kanilang kakayahang umangkop sa iba't ibang sitwasyong pangkomunikasyon. Ipinahihiwatig nito na ang paggamit ng mga makabagong, kontekstuwal, at mag-aaral-sentrik na estratehiya ay susi sa pagpapatibay ng metakognitibong kasanayan at mas malalim na pag-unawa sa wikang Filipino.

**Pagbasa.** Ang indikeytor na ito ay may mean na 4.60 na inilarawang mataas, kung saan ang saklaw ng mean ay nasa pagitan ng 4.28 hanggang 4.60. Sa mga item, ang "Magbasa hangga't maaari sa target na wika" ang nagtala ng pinakamataas na mean na 4.60, na ikinategorya bilang napakataas. Samantala, ang "Gumawa ng mga hula kung ano ang maaaring mangyari sa susunod" ang may pinakamababang mean na 4.28, na ikinategorya pa rin bilang napakataas. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral sa ALS ay may napakataas na antas sa pagbasa, kung saang masigla nilang ginagamit ang pagbabasa sa pagpapalawak ng kanilang kaalaman,

bokabularyo, at pag-unawa sa binasa, at nagpapatunay ng mataas na interes at kahusayan sa gawaing pagbasa.

Tumutugma ang resultang ito sa mga natuklasan nina Figueroa at Andrade (2022), na ang pagbasa sa pagkatutong pangwika ay nagpapabuti sa pag-unawa at pagbuo ng kasanayang komunikatibo, na nagdudulot ng mas mahusay na pagkatuto, pagkilala sa mga pangunahing ideya, at pagbuo ng mga kasanayang kognitibo sa asignaturang Filipino. Katulad ng isinasaad sa pag-aaral nina Lubid et al. (2025), ang mga resulta ng pananaliksik ay may napakataas, nagsasaad ito na ang pagbasa ng mga mag-aaral ay nagpapakita ng bisa sa pagkatutong pangwika sa Filipino. Nagpapatunay rin ang pag-aaral nina Supot et al. (2024), ang resulta ng pag-aaral ay nagpapakita ng napakataas na makabuluhang pag-unlad, mula sa mean na 4.18 bago ang interbensyon, naging 4.53, sa antas ng pagkatutong pangwika ng mga mag-aaral sa wikang Filipino. Sa kasalukuyang pananaliksik, natuklasang ang integrasyon ng pagbasa sa mga gawaing pangwika sa ALS ay nakapagpapalalim hindi lamang sa pag-unawa kundi pati na rin sa aplikasyon ng wika sa tunay na komunikasyon. Ipinakikita nito na ang pagbasa bilang kasangkapan sa pagkatuto ay epektibong nakapagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip at mas malalim na pagkamalikhain sa paggamit ng wikang Filipino.

**Pakikinig.** Ang indikeytor na ito ay may mean na 4.35 na inilarawang napakataas, kung saan ang saklaw ng mean ay nasa pagitan ng 4.21 hanggang 4.43. Sa mga aytem, ang "Humingi ng paglilinaw kung hindi ko ito naintindihan sa unang beses" ang nagtala ng pinakamataas na mean na 4.43, na ikinategorya bilang napakataas. Samantala, ang "Subukang hulaan kung ano ang susunod na sasabihin ng kausap batay sa mga nabanggit" ang may pinakamababang mean na 4.21, na ikinategorya pa rin bilang napakataas. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral sa ALS ay may napakataas na antas ng pakikinig, na nagpapakita ng kanilang aktibong paglahok sa proseso ng komunikasyon, kakayahang umunawa ng impormasyon at kasanayan sa paggamit ng mga estratehiya tulad ng paghihingi ng paglilinaw sa susunod na ideya ng usapan, na pawang mahalaga sa mabisang pagkatutong pangwika.

Kaakibat nito ang mga natuklasan sa pag-aaral ni Kilaton, (2024), na ang pakikinig, na may mean na napakataas ay nagpapahiwatig na mahalaga ito sa pagkatutong pangwika ng mga mag-aaral sa Filipino. Sumusuporta ito sa pag-aaral nina Ambubuyog et al. (2023), ang aktibong pakikinig ay may napakataas na epekto sa pagkatuto ng wika, partikular sa ponolohiya, morpolohiya, at pragmatika sa Filipino. Katulad ng isinasaad sa pag-aaral nina Namoc et al. (2024), natuklasan na may mean napakataas na panloob sa pakikinig, na nagpapahiwatig ng mga kalakasan at aspekto na nangangailangan pa ng pagpapabuti sa pagkatutong pangwika sa Filipino. Lumitaw na ang mga mag-aaral sa ALS ay nakikinabang nang malaki sa interaktibong gawain sa pakikinig na nakabatay sa tunay na sitwasyong komunikatibo. Ipinahihiwatig nito na ang paggamit ng kontekstuwal at makabagong pamamaraan sa pakikinig ay maaaring magpalakas sa integratibong kasanayan sa wika at magtulak sa mas mataas na antas ng pang-unawang panlingguwistiko.

### Makabuluhang Ugnayan ng Kasanayan sa Pagsulat, Motibasyon sa Pagbasa, at Pagkatutong Pangwika ng mga Mag-aaral

Makikita sa talahanayan 4 ang makabuluhang ugnayan ng kasanayan sa pagsulat at pagkatutong pangwika, pati na rin sa motibasyon sa pagbasa, at pagkatutong pangwika. Batay sa resulta, ang kasanayan sa pagsulat ay may napakababang makabuluhang ugnayan sa pagkatutong pangwika kung saan ang p-value na .001 ay mas mababa sa .05 na level of significance na itinakda sa pag-aaral na ito. Karagdagan, may napakababang positibong korelasyon sa pagitan ng

dalawang baryabol na ipinahayag sa value na r=0.167. Ipinahihiwatig nito na ang positibong pag-unlad sa kasanayan sa pagsulat ay maaaring makatulong sa pagkatutong pangwika, subalit sa isang limitadong antas lamang dahil sa mahina ngunit makabuluhang estadistikang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol.

**Ikaapat na Talahanayan**
*Makabuluhang Ugnayan ng Kasanayan Pagsulat,Motibasyon sa Pagbasa, at Pagkatutong Pangwika ng mga Mag-aaral*

| Baryabols | Pagkatutong Pangwika | | |
|---|---|---|---|
| | r – value | p-value | Remarks |
| Kasanayan sa Pagsulat | 0.167 | 0.008 | Significant |
| Motibasyon sa Pagbasa | 0.334 | <0.001 | Significant |

Ang natuklasang ito ay naaayon sa pag-aaral nina Laumoc et al., (2023), ipinakita sa resulta na may mahinang makabuluhang ugnayan ang kasanayan sa pagsulat at pagkatutong pangwika, kung saan ang kasanayan sa pagsulat ay nagpapahiwatig na minimal lamang ang papel ng mahusay na kasanayan sa pagsulat sa pagpapaunlad ng kabuuang pagkatutong pangwika.Batay sa datos ng pag-aaral ni Belmekki (2023), nailarawan sa pagsusuri na may makabuluhang ugnayan subalit mababa lamang ang kasanayan sa pagsulat at pagkatutong pangwika, kung saan ang korelasyon ay nagpapahiwatig na ang kaalaman sa gramatika ay may direktang kontribusyon sa pag-unlad ng kasanayan sa pagsulat, na mahalaga sa mas malalim na pagkatuto ng wikang Filipino. Higit pa rito, ang natuklasang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kasanayan sa pagsulat at pagkatutong pangwika ng mga mag-aaral ay nagpapatibay sa bisa ng Self-Determination Theory (SDT) nina Deci at Ryan (1985). Sa kasalukuyan, kahit may mababang ugnayan, ang kasanayan sa pagsulat ay patuloy na nagiging salik sa pagpapalalim ng pagkatutong pangwika sa konteksto ng ALS dahil sa integratibong kalikasan nito sa komunikasyon. Ipinakikita nito na ang paglinang ng kasanayan sa pagsulat ay hindi lamang kognitibong gawain kundi isang prosesong nag-uugnay sa motibasyon, pagkatuto, at aktibong paggamit ng wika sa tunay na sitwasyon.

Batay rin sa resulta, ang motibasyon sa pagbasa at pagkatutong pangwika kung saan ang p-value na .001 ay mas mababa rin sa .05 na level of significance. Bukod pa rito, may katamtaman at positibong korelasyon sa pagitan ng dalawang baryabol na ipinahayag sa value na r=334. Ang pagtaas ng motibasyon sa pagbasa ay may positibong impluwensiya sa pagkatutong pangwika ng mga mag-aaral, na nangangahulugang habang tumitindi ang interes at pananabik ng mag-aaral sa pagbabasa, mas lalo ring napahuhusay ang kanilang kaalaman at kakayahan sa wikang Filipino.

Ang natuklasang ito ay naaayon sa pag-aaral nina Ancheta at Napil (2022), ipinakita sa pag-aaral na may positibo at makabuluhang ugnayan sa pagitan ng motibasyon sa pagbasa at pagkatutong pangwika, na nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral na may mataas na motibasyon sa pagbasa ay mas may tiwala sa kanilang kakayahan sa pagkatuto ng wika. Ayon din sa kinalabasan ng pag-aaral nina Kheang et al. (2024), ipinakita ng pag-aaral na ang motibasyon sa pagbasa ay may mahalagang papel sa pagkatutong pangwika, kung saan ang pagtaas nito ay humahantong sa mas mataas na kasanayan sa pagbasa, na nagpapalawak ng bokabularyo at nagpapalalim ng pag-unawa. Higit pa rito, ang malinaw na ugnayan sa pagitan ng motibasyon at pagkatutong pangwika ng mga mag-aaral ay nagpapalakas sa pundasyon ng teoryang

Achievement Goal Theory (AGT) na itinatag ni Nicholls (1984). Ayon sa makabagong pananaw ng AGT, ang mga mag-aaral na may task-oriented goals ay mas nag-uukol ng oras at pagsisikap sa pagkatuto, dahil inuuna nila ang personal na pag-unlad kaysa sa simpleng paghahambing ng kakayahan sa iba (Cheng, 2023). Natuklasang ang mga mag-aaral sa ALS ay nagpapakita ng kaparehong pattern ng task-oriented motivation, na nagpapalakas sa kanilang determinasyon sa pagkatutong pangwika sa kabila ng mga hamon sa alternatibong edukasyon. Ipinahihiwatig nito na ang pagbuo ng mga programang nagbibigay-diin sa intrinsic motivation at layuning makapagpatuloy sa sariling pag-unlad ay makatutulong upang mapalalim ang kasanayan sa wika at mapataas ang kalidad ng pagkatuto.

**Makabuluhang Epekto ang Kasanayan sa Pagsulat, Motibasyon sa Pagbasa, at Pagkatutong Pangwika ng mga Mag-aaral**

Makikita sa Talahanayan 5 ang makabuluhang epekto ng kasanayan sa pagsulat at motibasyon sa pagbasa sa pagkatutong pangwika gamit ang multiple regression analysis. Sa istandard na indibidwal na kapasidad, ang kasanayan sa pagsulat ay may standardized beta-coefficient na 0.060, na may T statistics na 0.990, at p-value na 0.032. Ipinapakita ng resulta na ang kasanayan sa pagsulat ay walang makabuluhang epekto sa pagkatutong pangwika ng mga mag-aaral. Ibig sabihin nito, bagama't may bahagyang kontribusyon ang kasanayan sa pagsulat sa pagkatutong pangwika, hindi ito sapat upang ituring na may makabuluhang epekto batay sa estadistikang pamantayan ng pag-aaral.

**Ikalimang Talahanayan**

*Makabuluhang Epekto ang Kasanayan sa Pagsulat, Motibasyon sa Pagbasa, at Pagkatutong Pangwika ng mga Mag-aaral*

| Baryabols | | Pagkatutong Pangwika | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | β | t | p-value | Remarks |
| Kasanayan sa Pagsulat | | 0.060 | 0.990 | 0.323 | Not Significant |
| Motibasyon sa Pagbasa | | 0.325 | 5.368 | < .001 | Significant |
| ***Holistic Model*** | | | | | |
| $r^2$ | 0.108 | | | | |
| F-value | 16.098 | | | | |
| p-value | < .001 | | | | |
| Remarks | Significant | | | | |

Ang natuklasan ay umaayon sa pag-aaral nina Manzolim at Dela Cruz (2024), Ipinapakita ng pag-aaral na ang mababang antas ng kasanayan sa pagsulat ng mga kalahok, na nagdulot na walang epekto sa pagkatutong pangwika. Makikita rin sa resulta ng pananaliksik nina Adjoe at Kimani (2020), ipinahihiwatig ng pag-aaral na walang epekto ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa antas ng pagkatutong pangwika. Iminungkahi na mas mainam na paigtingin ang komunikasyon para sa epektibong pag-aaral ng wika. Taliwas naman ito sa pananaliksik nina Belmahdi et al. (2022), ayon sa pagsusuri ang pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat ay may positibong epekto na nakatutulong sa pagpapahusay ng mga aspekto tulad ng gramatika, at pagkatutong pangwika. lumitaw na bagama't limitado ang direktang ugnayan ng kasanayan sa pagsulat sa pagkatutong pangwika, ang prosesong ito ay nakatutulong sa paglinang ng mas

malalim na kamalayan sa wika sa pamamagitan ng aktibong paggamit nito. Ipinahihiwatig nito na ang pagsulat, kahit hindi pangunahing salik, ay nananatiling mahalagang kasangkapan sa pagpapalawak ng pang-unawang lingguwistiko at komunikatibong kahusayan ng mga mag-aaral sa ALS.

Ipinapakita rin ng datos na ang motibasyon sa pagbasa ay may makabuluhang epekto sa pagkatutong pangwika ng mga mag-aaral, na may p-value na mas mababa sa 0.05 at isang positibong standardized beta value na 0.325. Ibig sabihin, sa bawat pagtaas ng isang yunit sa motibasyon sa pagbasa, may kaukulang pagtaas na 0.325 sa pagkatutong pangwika ng mga mag-aaral. Ipinapahiwatig nito na ang motibasyon sa pagbasa ay may makabuluhang epekto sa pag-unlad ng pagkatutong pangwika ng mga mag-aaral. Kapag ang isang mag-aaral ay may positibong pananaw sa pagbabasa, mas malaki ang posibilidad na magkaroon siya ng mas malalim na pag-unawa at mataas na kasanayan sa wika.

Ang natuklasan ay tumutugma sa pag-aaral nina Anggia at Habok (2023), pinakita ng pag-aaral na ang intrinsic na motibasyon sa pagbasa ay may makabuluhang epekto na may mahalagang papel sa mga resulta ng pagkatuto ng wika. Dagdag pa nina Thao at Long, (2021), ipinakita ng pag-aaral na may positibong epekto ng motibasyon sa pagbasa at sa pagkatuto ng wika habang may negatibong kaugnayan sa mga social/affective na estratehiya. Sa kabilang banda, ang natuklasan ng pag-aaral na ito ay salungat sa imbestigasyon nina Lao at Buenaventura (2024), ipinakikita ng pag-aaral na bagamat mataas ang motibasyon ng mga estudyante sa pagbabasa.Ipinakikita ng kasalukuyang pananaliksik na ang motibasyon sa pagbasa ay hindi lamang nagtutulak sa mga mag-aaral na magpatuloy sa pagkatuto, kundi nagsisilbi ring tulay sa pagbuo ng mas malalim na koneksyon sa wika at kultura. Bukod dito, natukoy na ang mataas na antas ng intrinsic motivation ay nagdudulot ng mas aktibong paglahok sa mga gawaing pangwika, na humahantong sa mas matatag na kasanayan sa Filipino.

Ang computed $r^2$ value na 0.108 ay nagpapahiwatig na ang kasanayan sa pagsulat at motibasyon sa pagbasa ay may kontribusyon na 10.8 porsyento sa kabuuang pagbabago sa pagkatutong pangwika ng mga mag-aaral. Samakatuwid, ang natitirang 89.2 porsyento ng pagbabago ay maaaring maiugnay sa iba pang mga salik na hindi sakop ng pag-aaral na ito. Ang p-value na 0.01, na mas mababa sa 0.05, ay karagdagang patunay na ang di-malayang baryabol sa pag-aaral na ito ay may makabuluhang epekto sa mga malayang baryabol. Limitadong porsyento ng kontribusyon, ang pagsulat at motibasyon sa pagbasa ay nananatiling mahalagang salik na nagtataguyod ng pag-unlad sa pagkatutong pangwika. Higit pa rito, ang natuklasang ugnayan ay nagbubukas ng panibagong pananaw na dapat palawakin ang pagsusuri sa iba pang aspekto ng wika upang lubos na maunawaan ang kabuuang proseso ng pagkatuto.

Ang resulta ay sumasang-ayon sa pag-aaral ni Özçelik at Batur, (2023), kung saan binanggit nila ang kahalagahan ng ipinapakita ng pag-aaral na mahalaga ang kasanayan sa pagsulat bilang bahagi ng kabuuang pagkatutong pangwika, dahil ito ay binibigyang-diin ang kahalagahan ng pagsulat bilang isang mahalagang bahagi sa pag-abot ng komprehensibong pag-aaral ng wika. Sumasang-ayon sa pag-aaral ni Dipolog at Limpot (2022). ang pagkatutong pangwika ay may malapit na kaugnayan sa motibasyon sa pagbasa dahil ang motibasyong pangwika ay nakaaapekto sa tagumpay at kabiguan sa mga gawaing may kinalaman sa wika tulad ng pagbasa. Ang pagkatutong pangwika ay hindi lamang tungkol sa pag-aaral ng mga salita at gramatika kundi pati na rin sa paglinang ng motibasyon sa pagbasa nang masigasig at maunawaan ang kanilang binabasa, mahalaga din ito sa kanilang pangkalahatang pagkatuto at pag-unlad sa wika (Aclinen at Olesio 2023). Ang bagong ambag ng kasalukuyang pananaliksik ay ang pagbibigay-diin sa interkoneksyon ng pagsulat at motibasyon sa pagbasa bilang

magkatuwang na salik sa paghubog ng komprehensibong kasanayang pangwika. Ipinahihiwatig nito na ang balanseng paglinang sa dalawang kasanayan ay maaaring magdulot ng mas makabuluhang karanasan sa pagkatuto ng wika.

## SANGGUNIAN


Aclinen, Z. M., & Olesio, M. (2023). Antas ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Grade 8 ng Baguio City National High School. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 3(12), 228–245. https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03i12.024

Adinugraha, D. W., Arifani, Y., & Assassi, T. (2024). Examining the correlation between intrinsic reading motivation on reading skills improvement. Indonesian Teaching English to Speakers of Other Languages Journal, 1(2), 126–136. https://doi.org/10.30587/inatesol.v1i2.8875

Adjoe, C., & Kimani, R. (2020). The Effect on Learning Objectives and Outcomes of Students' Inability to Develop Language Competencies for Appropriate Communication at the Undergraduate Level. 2(3), 64. https://doi.org/10.22158/ELTLS.V2N3P64

Ambubuyog, E. M. I., Laumoc, G. L. C., Mantac, F. H. A., Pagulayan, F. M. C., Sayson, C. J. E. C., Velasco, A. C. M., & Biray, E. T. (2023). Active listening: Its impact on language learning and understanding of education students. International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research, 4(2), 671–676. https://doi.org/10.11594/ijmaber.04.02.33

Ancheta, J. C., & Napil, M. C. (2022). Reading motivation, language learning self-efficacy, and test-taking strategy: A structural equation model on academic performance of students. Asian Journal of Education and Social Studies, 34(4), 1-9. https://doi.org/10.9734/ajess/2022/v34i4739

Bakker, C. (2023). An Introduction to Statistics for Librarians (Part Two): Hypothesis: Research Journal for Health Information Professionals, 35(1). https://doi.org/10.18060/27162

Bautista, M. L., & Gatcho, A. R. (2022). Language education in the Zamboanga Peninsula: Issues in MTB-MLE implementation. Journal of Multilingual and Multicultural Development, 43(4), 552-564. doi:10.13140/rg.2.2.22538.24000

Baysal, E. A., & Ocak, G. (2021). İngilizce Yazma SBecerisini Kazanma Sürecinde Karşılaşılan Sorunların Yazma Becerisi Dil Öğrenme Stratejileri İle Giderilmesi. Cumhuriyet International Journal of Education, 10(1), 77–100. https://doi.org/10.30703/CIJE.688670

Belmekki, M. (2023). Grammar Competence and Writing Performance: A Correlational Study in Higher Education. TESOL and Technology Studies. https://doi.org/10.48185/tts.v4i1.594

Bhandari, P. (2022). A Note on Survey Research Methods Levels of Measurement: Foundational Basis for Quantitative Analysis of Survey Data. Dhaulagiri Journal of Sociology and Anthropology, 122–126. https://doi.org/10.3126/dsaj.v16i01.50982

Cheng, K. H. (2023). An epistemic curiosity-evoking model for immersive virtual reality narrative reading: User experience and the interaction among epistemic curiosity, transportation, and attitudinal learning. Computers & Education, 201, 104814. https://doi.org/10.1016/j.compedu.2023.104814

Culla-ag, J. C., Cosente, G. T., Chadya-as, B. P., Dirampaten, N. U., & Lourdes, M. (2025). Mga Hamon Sa Epektibong Paggamit Ng Wikang Filipino Sa Pagsasalita. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 5(1), 178–196. https://doi.org/10.47760/cognizance.2025.v05i01.015

Dagohoy, D., Minoza, A. J., Niegos, H. M., & Pahagac, Q. (2024). The impact of online class on foreign language acquisition of college students. Journal of Emerging Technologies, 3(2), 45–60. https://doi.org/10.57040/kgkj7t97

Danica, M., Jawel, L., Carpio, J.-L., Sanedna, M., Saavedra, A., & Bermillo, H. (n.d.). (2025). Mga Salik na Nakapagdudulot ng Pagkabalisa sa Pagsasalita ng mga Mag-aaral. In American Journal of Humanities and Social Sciences Research (pp. 173–186). https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2025/02/R25902173186.pd

Dipolog, S. (2022). Gawing pagkatutong pangwika at ang motibastyong pangwika ng mga mag-aaral. International Journal of Research Studies in Education, 11(8). https://doi.org/10.5861/ijrse.2022.307

Dipolog, S., & Limpot, M. (2022). Motibasyong pangwika ng mga mag-aaral: Isang istruktural na panatayang dulog. International Journal of Research Studies in Education, 11(3), 157-188. https://doi.org/10.5861/ijrse.2022.113

Ertem, H. Y. (2024). The Relationship of Achievement Goal Orientations and 21st Century Skills Acquisition with the Entrepreneurship of Pre-Service Teachers. Journal of Intelligence, 12(10), 97. https://doi.org/10.3390/jintelligence12100097

Figueroa-Macias, E. M., & Andrade-Zambrano, C. D. (2022). Reading comprehension in the development of communication skills in high school students. International Journal of Linguistics, Literature and Culture, 8(4), 175–182. https://doi.org/10.21744/ijllc.v8n4.2127

Graham, K. M. (2024). Assessing the impact of pre-lecture reading compliance on lecture comprehension in English-medium instruction courses. Journal of English for Academic Purposes, 68, 101367. https://doi.org/10.1016/j.jeap.2024.101367

Gulay, S. M. E., & Pontillas, P. V. (2024). Reading motivation and engagement among Grade IV learners of Opol West District Schools. International Journal of Multidisciplinary Research and Analysis, 7(8), 3988–3998. https://doi.org/10.47191/ijmra/v7-i08-40

Hamada, Y., & Iwasaki, H. (2024). Learning from the pandemic and looking into the future: The challenges of intercultural exchanges. The Language Learning Journal, 52(5), 481-486. https://doi.org/10.1080/09571736.2024.1767892

Han, F. (2021). The relations between motivation, strategy use, frequency, and proficiency in foreign language reading: An investigation with university English language learners in China. SAGE Open, 11(2), 1–15. https://doi.org/10.1177/21582440211008423

Holbrook, E., & Cassell, S. (2024). Getting Students to Read Course Material. Christian Business Academy Review. https://doi.org/10.69492/cbar.v19i1.668

Jill, C., Calizo, E. V., & Bauyot, M. M. (2024). Experiences of Teachers Teaching in Far-Flung Areas of Division of Davao Del Norte: A Phenomenological Study. International Journal of Research and Innovation in Social Science, VIII(VI), 2790–2802. https://doi.org/10.47772/ijriss.2024.806212

Keim, G. A., & Littman, M. S. (2022). Selecting Context Clozes for Lightweight Reading Compliance. Workshop on Innovative Use of NLP for Building Educational Applications. https://doi.org/10.18653/v1/2022.bea-1.21

Kheang, T., Chin, P., & Em, S. (2024). Reading Motivation to Promote Students' Reading Comprehension: A Review. International Journal of Languages and Culture, 4(1), 1–8. https://doi.org/10.51483/ijlc.4.1.2024.1-8

Kilaton, L. (2024). Students' Level of Listening Skill in Filipino Language in Higher Education. Social Science Research Network. https://doi.org/10.2139/ssrn.4845059

Lao, A. C. C., & Buenaventura, V. P. (2024). Foreign Language Anxiety and Reading Motivation of Students. American Journal of Multidisciplinary Research and Innovation, 3(3),

45–55. https://doi.org/10.54536/ajmri.v3i3.2693

Lim, W. M. (2024). What Is Quantitative research? an Overview and Guidelines. Australasian Marketing Journal (AMJ), 1(1). Sagepub. https://doi.org/10.1177/14413582241264622

Lubid, M. C., Pablo, E. S., Paran, F. L., Payangdo, S. A., Pisda, J. P., & Eguia, M. L. G. (2025). Flashcard: Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagbasa sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Grade 1. Cognizance Journal, 5(1), 197–205. https://doi.org/10.47760/cognizance.2025.v05i01.016

Magadan, A. V., & Limpot, M. Y. (2023). The Mediating Effect of Filipino Language Orientation toward Language Attitude and Active Learning of the Learners. Asian Journal of Education and Social Studies. https://doi.org/10.9734/ajess/2023/v49i31161

Manzolim, H., & Dela Cruz, M. (2024). HU U?: The impact of texting language on the academic writing proficiency of second language learners. International Journal of Linguistics, Literature and Translation, 7(8), 19–28. https://doi.org/10.32996/ijllt.2024.7.8.3

McEown, M. S., & Oga-Baldwin, W. L. Q. (2019). Self-determination for all language learners: New applications for formal language education. System, 86, 102124. https://doi.org/10.1016/j.system.2019.102124

Meng, J., & Caiga, B. T. (2024). Academic English writing metacognition, behavioral engagement, and competence development among post-graduate students of Chinese agricultural universities. International Journal of Research Studies in Language Learning, 10(1), 93–104. https://doi.org/10.5861/ijrsll.2024.009

Mete, S., Oz, N.E., Gul, M., Serin, F., Celik, E. (2020). A Risk Assessment Approach Using Both Stochastic Data and Subjective Judgments. In: Kahraman, C., Cebi, S., Cevik Onar, S., Oztaysi, B., Tolga, A., Sari, I. (eds) Intelligent and Fuzzy Techniques in Big Data Analytics and Decision Making. INFUS 2019. Advances in Intelligent Systems and Computing, vol 1029. Springer, Cham. https://doi.org/10.1007/978-3-030-23756-1_130

Musa, F. M. (2021). The Effect of Grammar Teaching Methods on Students' Writing Skill. 7(4), 27–39. https://doi.org/10.24113/IJOHMN.V7I4.236

Namoc, R. L. Jr., Jumawan, R. L., & Pagunsan, J. P. (2024). Students' level of listening skill in Filipino language in higher education. Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal, 20(3), 317–322. https://doi.org/10.5281/zenodo.11356461

Nawab, A., & Sharar, T. (2022). Coordination in planning and implementing professional development programs for teachers: A much-needed component in rural areas. SAGE Open, 12(1). https://doi.org/10.1177/21582440211068489

Ottaviani, F. M., & Marco, A. D. (2022). Multiple Linear Regression Model for Improved Project Cost Forecasting. Procedia Computer Science, 196, 808–815. https://doi.org/10.1016/j.procs.2021.12.079

Özçelik, M., & Batur, Z. (2023). A literature review on writing proficiency outcomes. International Journal of Education and Literacy Studies, 11(3), 157–169. https://doi.org/10.7575/aiac.ijels.v.11n.3p.157

Permangil, J. F. (2024). Demystifying the indigenous college students' learning of English as determined by their language learning motivation: A convergent parallel approach. International Journal of Asian Education, 5(1), 1–21. https://doi.org/10.46966/ijae.v5i1.365

Rebusa, M. B., Maligalig, M. R., & David, D. T. (2022). Language learning challenges in the Cordillera Administrative Region: Impacts on inclusive education. International Journal

of Educational Development, 85, 102471. https://doi.org/10.70884/mjsir.v77i0.15

Ryan, R. M., & Deci, E. L. (2020). Intrinsic and extrinsic motivation from a self-determination theory perspective: Definitions, theory, practices, and future directions. Contemporary Educational Psychology, 61, 101860. https://doi.org/10.1016/j.cedpsych.2020.101860

Sulaiman Jamila, & Amos, D. L. (2022). Effects of Instruction in Mechanical Accuracy on Correct Spelling and Use of Comma in Composition Writing by Students in College of Education, Billiri, Gombe State. International Journal of Research and Innovation in Social Science, 06(03), 415–418. https://doi.org/10.47772/ijriss.2022.6316

Supot, S. M., Oñez, R. M. C., Pagal, C. B., Abiado, M. J. J., Sanchez, S., Paden, J., & Supot, A. M. (2024). Brigada pagbasa: isang interbensyon sa kahirapang magsalita ng wikang filipino ng mga mag-aaral sa ika-10 baitang. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research, 81–89. https://doi.org/10.36713/epra18311

Tangan, A., Fugaban, A. J., Soriano, N., & Auayang, K. M. (2023). Writing skills of pre-service teachers: Basis for a proposed intervention program. Journal of Language and Linguistics in Society, 4(1), 13–22. https://doi.org/10.55529/jlls.41.13.22

Thi, L., & Nguyen, H. B. (2023). The Effects of Mind Mapping At While-Reading Stage on Efl Students' Reading Comprehension at A Local High School In Kien Giang Province, Vietnam. European Journal of English Language Teaching, 8(4). https://doi.org/10.46827/ejel.v8i4.5012

Topçuoğlu Ünal, F., & Uyar, S. (2020). The impact of the competing by reading activity on the reading success and attitudes of middle school students. Journal of Language and Linguistic Studies, 16(3), 1309–1319. https://doi.org/10.17263/JLLS.803740

Tubao, L. C., Orowan, N. N., Winnie, P. S., Lumbiag, J., & Agloro, M. R. D. (2023). Exploring language-based acquisition approaches in teaching filipino: a literature review. Cognizance Journal. https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03i11.028

Villa, K., Bation, D., Almoguerra, H., Carino, M., Abad, J. V., & Edillor, M. C. (2020). Difficulties of speaking in English: Its effects on academic performance of selected Grade 12 HUMSS strand students in Bestlink College of the Philippines, S.Y. 2019–2020. Ascendens Asia Singapore – Bestlink College of the Philippines Journal of Multidisciplinary Research, 2(1).: https://dx.doi.org/10.47772/IJRISS.2024.803192S

Villar, M. (2024). ELEMENTARY PUPILS AND PARENTS' EXPERIENCES AND PREFERENCES TOWARDS MODULAR DISTANCE LEARNING. THE American Journal of Humanities and Social Sciences Research, 07(02), 2022. https://doi.org/10.56805/ajhssr

Villaruz, J. M., & Palma, R. C. (2024). Metacognitive Awareness of Writing Strategies, Oral Proficiency, and Writing Instructions: A Structural Equation Model of Academic Writing Skills in Filipino Language. Asian Journal of Advanced Research and Reports, 18(7), 114–134. https://doi.org/10.9734/ajarr/2024/v18i7690

Yu, W., Liu, M., Chen, M., Lu, N., Liu, Y., Karatzas, D., & Bai, X. (2023). ICDAR 2023 Competition on Reading the Seal Title. arXiv.Org, abs/2304.11966. Alshireedi, M., & Khairuddin, Z. (2024). Improving the English Writing Mechanics: A Study on Tenth-Grade Libyan Students in Malaysia Using the Dictogloss Technique. International Journal of Academic Research in Business & Social Sciences. https://doi.org/10.6007/ijarbss/v14-i11/23395

Yuliawati, L. (2021). The Mechanics Accuracy of Students' Writing. English Teaching Journal: A Journal of English Literature, Language and Education, 9(1), 46–52.

https://doi.org/10.25273/etj.v9i1.8890
Zeng, W., Wang, F., Miao, L., You, F., & Yao, F. (2020). Laser ultrasonic melanoma detection in human skin tissues via Pearson correlation coefficient. Optik, 222, 165478–165478. https://doi.org/10.1016/j.ijleo.2020.165478https://doi.org/10.48550/arXiv.2304.11966